

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTANG PILIPINAS  
PINAPATNUBAYAN NG  
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO



# ANG *Bayan*

Tomo XXXI, Blg. 1

Enero 2001

## Editorial

Anihin ang mga tagumpay ng pakikibaka sa pagbabagsak sa rehimeng US-Estrada!

## Patuloy na palakasin at paigtingin ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamayang Pilipino sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo!



**N**asa napakahusay na katayuan ang rebolusyonaryong kilusan upang anihin ang mga tagumpay sa pagbabagsak sa rehimeng Estrada sa larangan ng pagpapalawak at pagpapalakas ng organisadong hanay, nagkakaisang prente at armadong pakikibaka.

## NILALAMAN

- 1 **Editoryal:** Anihin ang mga tagumpay ng pakikibaka sa pagbabagsak sa rehimeng US-Estrada
- 4 Parusahan si Estrada!
- 5 Gabineteng Macapagal-Arroyo
- 6 Paksyon-paksyon sa pulisia at militar
- 7 Ang papel ni Danding sa mga huling buwan ni Estrada
- 9 Ang mga kilos-protestang nagpatalisik kay Estrada
- 12 **Oplan Balangai:** Patuloy na pasistang pananalanta sa Timog Katagalugan
- 14 **Mga pahayag:** (14) Hinggil sa mga bihag ng BHB; (15) Hinggil sa pambomboma sa Maynila
- 16 Mga balita ng pakikibaka

## PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentario at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa

[www.angbayan.org](http://www.angbayan.org)

Tatanggap din ng mga liham sa

[editors@angbayan.org](mailto:editors@angbayan.org)

Walang ilusyon ang Partido at rebolusyonaryong kilusan na magkakaroon ng fundamental na mga pagbabago sa bulok na malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Magpapatuloy ang imperyalistang dominasyon at pandarambong, ang pang-aapi ng mga lokal na naghaharing uri, ang busabos na katayuan ng mamamayan at ang pasistang pandarahas at panlilinlang ng estado.

Gayunpaman, laluna sa maagang bahagi ng paghahari ni Macapagal-Arroyo, patuloy na kinakailangang igiit ang adyenda ng mamamayan at igiit kay Macapagal-Arroyo na ilagay ito sa sentro ng kanyang programa.

Upang maipagtanggol ang interes ng mamamayan, kung gayon, kinakailangang patuloy na magpunyagi sa rebolusyonaryong daan, sa lahat ng larangan ng pakikibaka, laluna sa larangan ng armadong pakikibaka.

## ANG ESENSYA AT PINATUTUNGUHAN NG REHIMENG MACAPAGAL-ARROYO

Si Gloria Macapagal-Arroyo ang kasalukuyang hepe ng neokolonyal na papet na gubyerno. Kinakatawan niya at ng kanyang rehimeng interes ng dayuhang monopolyong kapitalismo at ng mga lokal na mapagsamantalang uring malalaking burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa. Gayundin, si Macapagal-Arroyo ay kumakatawan pangunahin sa paksyunal na interes ng pangkating Ramos at kontra sa interes ng pangkating Estrada-Marcos at Aquino-Cojuangco.

Gayunpaman, natatangi ang rehimeng Macapagal-Arroyo dahil iniluwal ito ng isang demokratikong kilusang masa na nagpabagsak sa kinamumuhiang bulok na gubyernong Estrada. Nasa gulugod ng kilusang masang ito ang nagkakaisang prente ng masang anakpawis, petiburgesya at pambansang burgesya at mga anti-Estradang reaksyunaryo.

Subalit, sa pagmamadaling kagyt na isiguro ang kanilang paksyunal na interes, unang inasikaso ni Macapagal-Arroyo ang pagluluklok ng tauhang maka-Ramos, laluna ang mga dating heneral at mga maka-imperyalistang teknokrata. Samantala, magpasahanggang-ngayon, wala pang mga hakbangin si Macapagal-Arroyo na tumutugon sa mga kagyt na hinaing ng mamamayan.

Ipinagmamalaki ng bagong gubyerno na sa pagbagsak ni Estrada ay may “panunumbalik ng kumpyansa” ng mga dayuhang mamumuhunan. Subalit ang tunay at fundamental na mga suliranin ng ekonomya ng Pilipinas ay ang dominasyon at pandarambong ng mga dayuhang monopolyong kapitalista at ng kanilang mga lokal na kasosyong malalaking kapitalista at ang pagpil nila sa pag-unlad ng mga batayang industriya at pagsasakatuparan ng tunay na reforma sa lupa. Upang tugunan ang pang-ekonomikong interes ng mamamayan, kailangang isagawa ang mga radikal na hakbangin, kabilang ang pagbabaligtad sa patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon, at denasyunalisasyon, na mahigpit na itinaguyod ni Macapagal-Arroyo sa nakaraan.

Kapuna-puna na ang gabinete ni Macapagal-Arroyo ay puno ng mga pasistang dating upisyal ng AFP na eksperto sa *psywar* kabilang na si Hen. Fidel Ramos. Ang mga ito ay kilala sa paggamit ng tabing ng “kapayapaan” upang pagtakpan ang mas saligang patakaran ng paggamit ng pasistang karahasan sa balangkas ng pagsusulong ng kontra-rebolusyonaryong digma laban sa mamamayan.

Habang patuloy na tumatanggi si Macapagal-Arroyo na tugunan ang interes ng mamamayan, napapawi ang batayan para sa posibleng kritikal na alyansa sa pagitan ng mga progresibo, makabayan at demokratikong pwersa sa isang panig, at ng rehimeng Macapagal-Arroyo, sa kabilang panig. Laluna sa harap ng mga banta sa istabilidad ng kanyang gubyerno, makabubuti kay Macapagal-Arroyo na positibong tumugon sa mga demokratikong kahilingan ng nagkakaisang prenteng naglukllok sa kanya sa poder at himukin ang suporta at tulong nito para sa kanyang rehimen.

Kinakailangan niyang maagap na tugunan ang mga isinisigaw ng mamamayan na kinabibilangan ng pag-usig kay Estrada; puspusang kampanya laban sa korupsyon at katiwalian sa gubyerno; kagyat na remedyo at matagalang pagpapabuti sa hanapbuhay, sahod, pabahay; tunay na

reforma sa lupa para sa masang magsasaka; pagtatakwil sa patakaran ng denasyunalisasyon, deregulasyon, liberalisasyon, kontraktwalisasyon, kaswalisasyon at iba pang anyo ng pambubusabos; pagtatakwil sa militarisasyon, militarismo at *total war*; paggawad ng katarungan sa mga biktima nito; at pagsaisantabi ng VFA at paglaban sa panghihimasok ng US sa panloob na usapin ng bansa.

### **MGA TUNGKULIN NG REBOLUSYONARYONG KILUSAN**

Nasa mahusay na katayuan ang rebolusyonaryong kilusan upang umani ng malaki mula sa pakikibaka sa pagbabagsak ng rehimeng Estrada. Ang wastong pagpupunyagi sa pagsusulong ng kilusang masa at pagpapalapad at pagpapatatag sa nagkakaisang prente ay naglagay sa mga rebolusyonaryong pwersa sa napakahusay na pusisyon upang samantalahan ang paborableng sitwasyon at ibayong makapagpalakas at lahatang-panig na sumulong.

Kailangang panatilihing mataas ang militansya ng mamamayang Pilipino sa pamamagitan pangunahin ng solidong pag-oorganisa sa malawak na mamamayang lumahok sa mga demonstrasyong anti-Estrada, laluna ang mga estudyante, manggagawa, maralitang lunsod, mga propesyunal at taong simbahan.

Kinakailangang puspusang isagawa ang pampolitikang edukasyon at rebolusyonaryong propaganda upang malagom ang kanilang karanasan sa pakikibakang anti-Estrada, ilinaw ang sitwasyon at mga tungkulin sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo, itaas ang kanilang kamulatan hinggil sa kasaysayan at lipunang Pilipino at himukin sila sa rebolusyonaryong landas.

Kailangan ding kabigin ang mga maralitang lunsod na nilinlang ni Estrada at itaguyod ang kanilang interes kaisa ng mamamayan sa pangkalahatan.

Kaalinsabay nito, kailangang patuloy na palakasin at palawakin ang nabuong nagkakaisang prenteng anti-Estrada tungo sa pagtataguyod ng tunay na panlipunan at pambansang pagbabago. Pangalagaan ang mga relasyong nabuo at

**Kailangang panatilihing mataas ang militansya ng mamamayang Pilipino sa pamamagitan pangunahin ng solidong pag-oorganisa sa malawak na mamamayang lumahok sa mga demonstrasyong anti-Estrada, laluna ang mga estudyante, manggagawa, maralitang lunsod, mga propesyunal at taong simbahan.**

napalawak sa proseso ng pagsusulong ng kilusang protesta. Maaari itong gawin sa antas pambansa, pamprubinsya o panrehiyon at sa mga lokalidad. Kailangang gamitin ang mga ugnayang ito hindi lamang para sa pagsusulong ng mga pampolitikang pakikibaka kundi pati sa pag-abot sa malawak na masa at pagbubuo ng solidong organisadong lakas sa batayang antas.


Kailangan ding tuluy-tuloy na ilantad ang mga kontra-rebolusyonaryong pwersang nagpapanggap na "Kaliwa". Sa partikular, kailangang ilantad ang kanilang naging pagtatangkang hatiin ang nagkakaisang prenteng anti-Estrada sa pamamagitan ng mga buhul-buhol na islogan at paghahalu-halo ng mga usaping estratehiko at taktikal. Kailangan ding ilantad ang bulok na gawain ng mga ito, laluna ang pagbebenta ng Sanlakas-BMP sa interes ng mga manggagawa at maralitang lunsod.

Higit sa lahat, kinakailangang patuloy na paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan. Kinakailangang patuloy na palakasin at paramihin ang mga larangang gerilya, isulong ang mga pakikibakang antipyudal ng masang magsasaka, ilunsad ang paparami at papalaking mga taktikal na opensiba at palawakin at patatagin ang rebolusyonaryong baseng masa. Ang mga pwersa sa kalunsuran ay kailangang patuloy na himukin na magtungo sa kanayunan at sumanib sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Ang pagbubukas ng NDFP sa muling pagdaraos ng usapang pangkapayapaan ay alinsunod sa mga rebolusyonaryong prinsipyo at programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Ito ay karagdagang larangan ng pakikibaka upang isulong ang interes ng mamamayan, palaganapin ang programa ng pambansang demokratikong rebolusyon at ilantad ang kawalang interes ng reaksyunaryong estado na itaguyod ang kagalingan ng mamamayan.

**ANG PAGKILOS** ng daan-daan libong mamamayan sa EDSA at sa buong bansa na nagpatalisik kay Estrada ay babala kay Macapagal-Arroyo na ang bawat kilos at ilalabas nitong patakaran at mga batas ay masugid na babantayan ng mamamayan. Anumang pagyurak sa interes ng masang anakpawis, ang bawat paglabag sa mga demokratikong karapatan, lahat ng pagtataksil sa pambansang interes at pangangayupapa sa interes ng mga dayuhan ay mag-uudyok sa muling pag-aalsa ng mamamayan. **AB**

## Parusahan si Estrada!



ANG PAGPARUSA KAY JOSEPH ESTRADA at sa lahat ng pinakamalaking kriminal at mandarambong, ang unang sukatang gagamitin ng mamamayan upang husghan ang kapasyahan ng rehimeng Macapagal-Arroyo na itaguyod ang mga layunin ng EDSA 2.

Kinakailangang kagyat na isakatuparan ang mga hakbangin upang arrestuhin, usigin at parusahan si Estrada. Anumang pag-aalinlangan sa bagay na ito ay nagsisilbi sa interes ni Estrada na makawala sa hatol ng mamamayan. Kailangang puspusang labanan at biguin ang lahat ng hakbangin at maniobrang ligal at pampolitika na naglalayong pakawalan si Estrada at ang kanyang mga kasapakat sa kanilang mga kasalanan sa mamamayan.

Itakwil ang anumang sikretong negosasyon sa pagitan ng gubyerno at ni Estrada simula sa mga kasunduang binuo alinsunod sa prinsipyo ng pagbibigay ng "marangal na paglabas" kay Estrada. Kabilang dito ang pakanang payagang mangibang-bayan si Estrada sa ngalan diumano ng pananatili ng "katahimikan at istabilidad." Ang kahayupang ginawa ni Estrada sa mamamayan ay dapat lamang na tumbasan ng angkop na kaparusahan.

Dapat ding igawad ang karampatang parusa sa pinakamalalaking kroni at kakutsaba ni Estrada sa krimen pati na yaong ngayon lamang bumabaligtad para maisalba ang kanilang mga sarili mula sa tiyak na pagbagsak kasama ni Estrada.

Kailangang alalahanin ni Macapagal-Arroyo na hindi makapapayag ang mamamayan na magkaroon ng "paghihilom ng sugat" na nakabatay sa pagbibigay ng pagkakataon kay Estrada na magkaroon ng "marangal na paglabas". Higit sa anupaman, ang sugat at mga latay na tinamo ng mamamayan sa ilalim ng rehimeng Estrada ang dapat na hilumin sa pamamagitan ng pagparusa kay Estrada at pagtugon sa sigaw para sa pambansa at panlipunang pagbabago. **AB**

Bagong gubyernong Macapagal-Arroyo:

# Nanunumbalik ang rehimeng US-Ramos

**M**alaking mayorya ng mga bagong hirang na upisyal ng gubyernong Macapagal-Arroyo ay mga retiradong heneral o kaya mga burukratang dati nang nanungkulan sa ilalim ng bulok, papet at militaristang rehimeng ni Ramos o mga may malapit na kunkasyon sa kanya. Kailangang puspusang tutulan ng mamamayan ang pagluluklok na ito ng mga tauhan ni Ramos —laluna yaong mga pusakal na pasista at may rekord ng pagyurak sa interes ng masa.

Unang-una sa listahan ng mga tauhan ni Ramos na may mataas na katungkulan ngayon sa rehimeng Macapagal-Arroyo ay si Renato de Villa. Si de Villa, na isang dating heneral sa AFP at dating kalihim ng depensa sa ilalim ni Ramos, ang nagmana ng makapangyarihang pwesto ng *executive secretary*.

Si Eduardo Ermita, isa pa ring dating heneral, at bagong itinalagang kalihim sa depensa ni Macapagal-Arroyo, ay malaon nang may malapit na kaugnayan kay Ramos. Dati siyang *aide-de-camp* ni Ramos nang ang huli ang hepe ng Philippine Constabulary sa ilalim ng diktadurang Marcos. Nang maging presidente si Ramos, hinirang niya si Ermita bilang *deputy chief of staff* ng AFP. Pagkatapos nito, tumakbo rin bilang kongresman si Ermita sa ilalim ng partido ni Ramos sa Lakas-NUCD. Dahil sa kaalaman nito sa *psywar*, itinalaga ni Ramos si Ermita sa panel ng gubyerno na nakipagnegosasyon noong 1997 para ayusin ang pagsuko ng Moro National Liberation Front.

Si Dep. Dir. Gen. Leandro Mendoza, bagong hepe ng Philippine National Police (PNP), ay kabilang sa paksyong maka-Ramos. Sangkot siya sa mga kasong pagpatay, *kidnap-for-ransom*, hweteng, mga maanomalyang transaksyon sa PNP at iba pang kriminal na aktibidad.

Si PNP Dep. Dir. Gen. Reynaldo Wycoco, ang bagong hepe ng National Bureau of Investigation, ay tagapagsalita ng pulisia at nanungkulan din bilang hepe ng PNP sa National Capital Region sa ilalim ni Ramos.

Si Col. Victor Corpus, isa pang eksperto sa *psywar* at bagong hirang na pinuno ng Intelligence Service of the AFP,



ay alaga na ni Ramos mula noong kalihim pa siya ng depensa sa ilalim ng rehimeng Aquino. Ilang taon na sinubaybayan at ginabayhan ni Ramos ang karera-militar ni Corpus, hanggang sa maluklok ito sa kasalukuyang pwesto. Si Corpus ang isa sa mga nagdisenyo ng kontrarebolusyonaryong serye ng kampanyang militar na Lambat Bitag noong dekada 1980 hanggang 1990.

Si Renato Corona, ang *chief of staff* at pansamantalang tagapagsalita ni Macapagal-Arroyo, ay dating *assistant executive secretary* at Presidential Legal Adviser ni Ramos.

Si Hernando Perez, ang bagong kalihim ng Department of Justice, ay tagapagsalita ng Lakas-NUCD na partido ni Ramos.

Si Emilia Boncodin, ang bagong kalihim sa badyet, ay *undersecretary* ng departamentong ito sa ilalim ni Ramos.

Si Richard Gordon, ang bagong kalihim ng turismo, ay dating tagapangulo ng Subic Bay Metropolitan Authority sa ilalim ni Ramos.

Si Dante Canlas, ang kalihim ngayon ng National Economic Development Authority ay dati nang nanungkulan bilang teknokrat at *deputy director* ng naturang ahensya sa gubyernong Ramos.

Si Paul Dominguez, ang Presidential Assistant for Regional Development at *special envoy* sa Brunei, Indonesia at Malaysia ng gubyernong Macapagal-Arroyo, ay dating Presidential Assistant for Mindanao Affairs ni Ramos.

Si Simeon Datumanong, ang bagong kalihim ng Department of Public Works and Highways, ay prominenteng myembro ng Lakas-NUCD.

Si Winston Garcia, ang bagong presidente at *general manager* ng Government Service Insurance System, ay kabilang sa angkang Garcia ng Cebu na kilalang tagasuporta ni Ramos.

Bakas na bakas din sa pagtatalaga ni Macapagal-Arroyo ng mga maka-IMF na teknokratang dati nang nanungkulan kay Ramos na siya ay magiging masugid ring tagapagtuguyod ng imperialistang “globalisasyon.”

Si Roberto Romulo, na itinalagang *envoy for international competitiveness*, ay dating kalihim ng Department of Foreign Affairs sa ilalim ni Ramos.

Si Rizalino Navarro, *special envoy* para sa Southeast Asia at Australia, ay dating kalihim ng Department of Trade and Industry ng gubyernong Ramos.

Si Raul Rabe, *special envoy* sa Americas at mga bansang Islamiko, ay dating *ambassador* sa US sa ilalim ni Ramos.

Si Ramos mismo ay binigyan ng prominenteng papel ni Macapagal-Arroyo bilang *special envoy* sa World Economic Forum. **AB**

## Paksyon-paksyon sa pulisya at militar

NAGING PRESIDENTE SI GLORIA Macapagal-Arroyo sa gitna ng malalim na pagkakabitak-bitak sa hanay ng militar at pulisya at grabeng pagkakandarapa ng iba’t ibang seksyon ng naghaharing uri na makinabang sa pagpapatalsik ng pangkating Estrada, mailuklok ang sarili sa poder at makabahagi sa mga benepisyo at pribilehiyong kaakibat nito. Sa katunayan, ang pag-iral ng iba’t ibang paksyon sa loob ng AFP at PNP ay salamin lamang ng matinding ribalan sa hanay ng naghaharing uri.



Mismong ang bagong hepe ng ISAFP na si Col. Victor Corpus ang naghayag na hindi lubusang tanggap ng maraming upisyal-militar si Macapagal-Arroyo bilang bagong pangulo, at na ito'y patuloy na pagmumulan ng banta sa istabilidad ng bagong gubyerno. Nasa likod ng gayong pagkadiskuntento ang disgusto ng mga elemento ng reaksyunaryong uri na hindi nakinabang sa bagong hatian ng kapangyarihan sa ilalim ng kasalukuyang rehimeng.

Dominante ang paksyon Ramos-de Villa kung pagbabatayan ang komposisyon ng gabinete ni Macapagal-Arroyo. Sa direksyon at mando ng imperyalismong US, ang paksyon Ramos-de Villa ang nagmaniobra upang ilunsad ang palabas na pagtalikod kay Estrada ng mga punong upisyal ng militar at pulisya tulad nina Gen. Angelo Reyes at Lt. Gen. Jose Calimlim.

Sa kabilang kapangyarihan si Eduardo “Danding” Cojuangco sa AFP sa pamamagitan nina Reyes at Calimlim na itinalaga ni Estrada sa utos ni Danding. Ngayong napatalsik na si Estrada, ginagamit ni Danding Cojuangco ang malalim na impluwensya niya sa militar at pulisya upang tiyaking hindi gagawa ng mga hakbangin ang gubyernong Macapagal-Arroyo na makasisira sa kanyang mga interes.

Sa kabilang banda, ang grupo ng dating heneral na si Fortunato Abat at ng kanyang manugang na si Col. Jaime Caringal ng PNP ay kaalyado nina Jose “Peping” Cojuangco. Nagmobilisa sila ng mga pwersa ng Scout Rangers at mga brigada ng AFP sa isang tangkang kudeta ilang araw bago pumutok ang pag-aalsang EDSA 2 nitong gabi ng Enero 16. Binalak nilang sakupin ang Camp Crame upang arrestuhin o nyutralisahin ang mga pro-Estradang upisyal ng PNP sa pangunguna ni Dir. Gen. Panfilo Lacson at ni Col. Michael Ray Aquino.

Ang grupo nina Peping Cojuangco, na isa sa mga oriinal na nag-organisa ng malawak na nagkakaisang prenteng anti-Estrada, ay hindi ►



# Ang papel ni Eduardo Danding Cojuangco sa huling mga buwan ni Estrada sa Malakanyang

bilang presidente ng San Miguel Corporation (SMC) sa pamamagitan ng sapin sekwestrado o hawak ng gubyerno. Noong Disyembre, ibinigay niya kay Cojuangco ang pondong *coco levy* sa pamamagitan ng isang kautusang ehekutibo. Iniluklok sa pinakamatataas na pwesto ng gabineteng Estrada ang kanyang inalagaang mga tau-tauhan. Pinalawak at pinalakas din ni Estrada ang pangkatin ni Cojuangco sa loob ng militar. Sa mahahalagang desisyon at negosasyon ng gubyerno, hindi nawala ang kamay ni Cojuangco. Hindi lamang muling nabuhay itong isa sa pinakamalaking kroni ng dating diktador na si Marcos, lumawak pa ang kanyang kapangyarihan kapwa sa pulitika at ekonomya.

## MANIOBRA SA PULITIKA

Matingkad ang papel ni Cojuangco sa rehimeng Estrada, laluna sa huling mga buwan nito sa Malakanyang. Isa siya sa pinakamatigas na pumusyon laban sa kusang pagbibitiwi ni Estrada. Oktubre pa lamang noong nakaraang taon, inutusan na niya ang kanyang pinagkakatiwalaang alagad na si Ernesto Maceda upang 1) konsolidahan at ibayong palakasin ang LAMP, ang alyansa ng mga partidong maka-Estrada; 2) ikumpas ang maka-Estradang propaganda; at 3) tanggalin sa pwesto si Cong. Manuel Villar bilang Speaker of the House at Sen. Franklin Drilon bilang presidente ng senado dahil tiyak ang kanilang pagbaligtad kay Estrada.

Sa pamamagitan ng panunuhol ng limpak-limpak na salapi,

**P**inakatuso sa lahat ng tuso ang padrino ni Joseph Estrada na si Eduardo "Danding" Cojuangco. Sa mga naghihingalang araw ng rehimeng Estrada, bilyun-bilyong piso ang kanyang ibinuhos upang mapanatili sa pwesto ang kanyang mga alipures sa gubyerno habang sinisigurong hindi matitinag ang malawak niyang imperyo kung sakaling babagsak si Estrada at naghahanda ng kontra-kampanya laban sa papalit na rehimeng ni Gloria Macapagal-Arroyo.

Nakinabang nang husto ang pamilya at mga kroni ng kinamumuhiang diktator na si Marcos katulad ni Lucio Tan at Cojuangco sa ilalim ng rehimeng Estrada. Limang araw pa lamang sa pwesto si Estrada, iniupo na niya si Cojuangco

◀ lubusang nabiyayaan sa bagong kalakaran.

Kabilang pa rin sa mga hindi nabiyayaan ay ang pangkatin ni Gob. Luis "Chavit" Singson, na nagbunyag ng mga katiwalian ni Estrada noong Oktubre, na siya namang nagsilbing mitsa sa mabilis na paglala ng krisis pampulitika ng

rehimeng Estrada. Kagrupo ni Singson si Lt. Gen. Edgardo Espinosa, dating kumander ng Southcom at Philippine Marines at kasalukuyang pinuno ng Joint Command Staff and College ng AFP.

Bukod sa mga nabanggit, mayroon pang di bababa sa siyam

na mas menor na paksyon sa AFP at PNP na kumilos nang kanya-kanya upang ibagsak si Estrada. Bawat isang paksyon ay may kinakatawang reaksyunaryong pulitikong nagnanais ibagsak ang pangkating Estrada upang maitaguyod ang kani-kanyang interes. **AB**

napasumpa niya sa kanyang partidong Nationalist People's Coalition ang 40 kongresista, napabaliktad ang 15 sa 77 pumirma sa *impeachment complaint* at naipwesto si Arnulfo Fuentebella, malapit na kaibigan ni Macea bilang bagong Speaker of the House. Kakutsaba ang isa pang tuso na si Senador Juan Ponce Enrile, natiyak din niya na may sapat na boto ang pagpapawalang-sala kay Estrada sa reaksyunaryong senado.

Siya ang nagkumpas sa pagtatanggol at pagsasalba kay Estrada sa *impeachment court*. "Ipinahiram" niya ang kanyang abugadong si Estelito Mendoza (bilang upisyal na bahagi ng panel sa depensa) at ang bise-presidente ng SMC na si Ramon Ang (bilang di-upisyal na bahagi ng panel sa depensa) upang manguna sa depensang lugal ni Estrada. Si Cojuangco rin ang nagbayad sa napakaraming abugadong nagpasimuno ng

sarisaring pakana upang pagtakpan ang mahahalagang ebidensya at pahabain ang paglilitis. Pinakilos din niya ang kanyang mga pulitiko upang takutin at pagbantaan ang mga saksi.

Labas sa *impeachment court*, aktibo ang tambalang Cojuangco-Estrada sa panlilinlang at paghahasik ng teroristang lagim sa balangkas ng dalawang planong naglayong ibangon

ang maruming imahen ni Estrada. Pinangunahan nilang dalawa ang huwad na kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng reaksyunaryong gubyerno at mga espesyal na ahente nito sa kontra-rebolusyonaryong grupo nina Arturo Tabara sa Negros noong Disyembre 10. Sa pag-aakalang masusuhulan nila ang mga lider ng kilusang anti-Estrada, "nangako" si Estrada na palalayain ang mga bilanggong pulitikal at ibabasura ang batas na nagpapataw ng parusang kamatayan. Ngunit ang sadyang pinakakamuhi-muhing pakana ng tambalang Cojuangco-Estrada ay ang teroristang pambobomba ng kanilang mga tauhan sa matataong lugar noong Disyembre 30. Dalawampu't dalawa ang namatay sa naturang pambobomba at mahigit 100 ang nasugatan. Binalak nitong ilihis ang atensyon ng publiko mula sa mga

iskandalosong impormasyong lumilitaw sa paglilitis at ituro ang duguang kamay sa Moro Islamic Liberation Front, Bagong Hukbong Bayan, sa mga makakanan o kung sinu-sino na lamang. Ginawa nila ang karumal-dumal na krimeng ito upang muling ilunsad ang digmaang anti-Moro sa Mindanao at pahigpitin ang pasistang kordon sa Kamaynilaan.

## PANINIGURO SA EKONOMYA

Sa likod ng kanyang mga pagsisikap upang mapanatili si Estrada sa pwesto, tahimik na naghahanda si Cojuangco sa posibilidad na mapatalsik ang nauna. Malay pa ang aktwal na paglilitis, kinonsolida na niya ang kanyang hawak sa SMC at tuluy-tuloy na pinaghandaan ang pagkopo sa pondong *coco levy*.

Pinalawak niya ang saklaw ng mga operasyon ng SMC at pinatatag ang kanyang pamumuno rito. Magkakasunod na binili ng SMC ang Sugarland, Philippine Dominion (pagawaan ng delatang tuna) at isang bahagi ng Metro Pacific. Sa kasalukuyan, nakikipagnegosasyon ang SMC sa Coca-Cola Amatil sa kagustuhan nitong bilhin ang 65% ng nasabing kumpanya. Tahimik ding bumili si Cojuangco ng dagdag na 20% sapi ng SMC sa pamamagitan ng iskemang *buy-back* upang patatagin ang kanyang pusisyon bilang pinakamalaking *shareholder* ng kumpanya. Sa gayon, kahit maibenta sa ibang negosyante ang nalalabing 27% sekwestradong sapi, mananatili kay Cojuangco ang kontrol ng kumpanya.

Ilang linggo bago siya mapatalsik, pinirmahan na ni Estrada ang isang kautusang ehekutibo na naglegalisa sa pagkopo ni Cojuangco sa pondong *coco levy* sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang "foundation". Una rito, pinalakas ni Estrada ang hawak ni Cojuangco sa industriya ng niyog kung saan tusong minaniobra ng huli ang presyo ng kopra. Sa loob ng ilang araw noong Pebrero 2000, bumagsak sa P2.50/kilo mula P18/kilo ang presyo ng kopra. Binawi rin ni Cojuangco ang huwad na mga *stock certificate* na ipinamudmod niya noong 1998 sa mga magsasaka ng sekwestradong lupain sa Negros. Matatandaang bahagi ito ng iskemang "stock-sharing" ng Department of Agrarian Reform na noo'y pinamumunuan ng alagad niyang si Horacio "Boy" Morales.

## SI COJUANGCO PAGKATAPOS NI ESTRADA

Bagamat napatalsik na si Estrada, nananatili ang kapangyarihan ni Cojuangco sa ekonomya at sa signipikanteng bahagi ng pambansang pulitika at ►

# Ang mga dambuhala, militante at mapayapang aksyong masa na nagpatsalsik kay Estrada

**N**oong Enero 16 hanggang 20, iniluwäl ng mamamayang Pilipino ang pamatay na dagok sa kinamumuhiang rehimeng Estrada sa pamamagitan ng isang makasaysayang pag-aalsa.

Sa loob ng apat na araw, ang buong kapuluan ay niyanig ng di bababa sa isang milyong mamamayan sa mga rali-protesta na nagpaalingawngaw sa mga sigaw na “Erap resign now!”, “Patsikin si Erap!”, “Hatal ng bayan, guilty si Erap!” at “Sigaw ng bayan, arrestuhin si Erap!”. Nagbuklod sa dambuhala, militante at mapayapang mga aksyong masa ang karamiha'y mga manggagawa, kabataan, magsasaka, kababaihan, maralitang-lunsod, mga propesyunal at kawani ng gubyerno, mga negosyante, taong simbahan, manggagawang pangkultura at iba pang sektor, kabilang ang mga anti-Estradang paksyong militar at reaksyunaryong pulitiko. Mula sa mga pabrika, eskwelahan, upisina at mga maralitang komunidad sa



lunsod at kanayunan, dumagsa sila sa mga mayor na kalsada sa iba't ibang sulok ng kapuluan. Nilikha nila ang di mapasusubaliang unos na nagtulak sa mga sagadsagarang reaksyunaryo sa kampo ni Estrada, maging sa pasistang militar at pulisya, na bumaligtad laban sa kanilang pangulo, hanggang sa tuluyang mapilitan si Estrada na isuko ang poder.

◀ militar. Hangga't hindi siya direktang sinasagasaan ng kasalukuyang naghaharing pangkatin, posible pang makipagkasundo si Cojuangco kay Macapagal-Arroyo. Ngunit tanda ng katusuhan ni Cojuangco, handa siyang gamitin ang kanyang grupo sa militar at pulisya, mga alagad sa kongreso, senado at mga lokal na gubyerno at mga abugado upang ikasa ang planong destabilisasyon laban sa bagong rehimeng Estrada. Matagal nang naantala ang katarungang hinihingi ng mamamayang Pilipino.

aktwal na paglulunsad ng kudeta, gagawin ni Cojuangco ang lahat, mapangalagaan lamang ang kanyang mga interes. Maliit lamang ang nakalaang P2 bilyon kumpara sa posibleng kawalan kung isasara o paíimbestigahan ang kanyang kayamanan, nakatago at hindi.

Napakalaki na ng ipinuhunan ni Cojuangco sa kanyang mga alipures na pulitiko upang basta-basta na lamang bitiwan ang kanyang kapangyarihan sa ekonoma at pulitika. Sa kasalukuyan, puspusan ang paghahanda ni Cojuangco para sa eleksyon ng Mayo. Hindi mag-aatubili si Cojuangco na gamitin ang pinakamarurumi at mararahas na paraan, mailuklok lamang ang

kanyang mga kandidato.

Katulad kay Estrada, malaki ang pangangailangang papanagutin ang pinakamalalaking kroni ng kanyang rehimeng Estrada. Matagal nang naantala ang katarungang hinihingi ng mamamayang Pilipino.



## GABI NG ENERO

**16.** Pumutok ang galit ng publiko sa rehimens nang hadlangan ng senado ang paglabas ng mga dokumento hinggil sa P3.3 salapi ni Estrada sa bangko. Nag-

*walkout* ang mga pribadong tagausig at ang mga ordinaryong mamamayang sumasaksi sa paglilitis, at inanunso ng mga pampublikong tagausig ang kanilang pagbibitiw kinabukasan. Nagkaroon ng pagkakataon ang nadismayang mamamayang ipahayag ang kanilang masidhing pagtutol sa garapal na pagsupil ng Senado sa katotohanan nang ipanawagan sa madla na magtipon sa EDSA Shrine. Sa loob lamang ng ilang minuto ay bumuhos sa panulukan ng EDSA at Ortigas at sa mga lansangan at liwasan ng mga sentrong bayan sa buong bansa ang ilampung libong demonstrador.

Sakalaliman ng gabing iyon ay binuhay ng mga *noise barrage*, mensaheng *text* at mga raling iglap ang Kamaynilaan, gayundin ang mga lunsod ng Angeles, Cebu, Cagayan de Oro, Bacolod, Davao, Iloilo, Dumaguete at Cotabato. Nagsalimbayan sa mga lansangan ang sigaw ng mamamayan, busina ng mga sasakyang, kalampag ng mga kaldero't kawali at todolakas na pagpapatugtong ng mga anti-Estradang kanta. Bumaha ng samutsaring mga pahayag at mensaheng naggiit sa kagyatang pagbibitiw ni Estrada at nananawagang lumahok sa mga malawakang protesta sa mga dyaryo, radyo, telebisyon, internet at telefono.

Lalong pinahigpit ng malawak na nagkakaisang prenteng anti-Estrada na kinabibilangan ng BAYAN, Bayan Muna, Kangkong Brigade, Estrada Resign Movement, COPA, Kompil II, United Opposition, UCCP, CBCP, PCCI, MBC at marami pang ibang grupong sektoral at multisektoral sa iba't ibang sentro ng bansa, ang koordinasyon upang igiit ang pagbibitiw ni Estrada. Sa lunsod ng Davao, sininsin din ng mga pwersang anti-Estrada, sa pangunguna ng Konsensiya sa Katawhan, ang pakikipagkoordina ng mga kilos-protesta sa iba pang grupo sa Mindanao at Maynila,

**ENERO 17.** Tiniyak ng mamamayang patuloy silang bubuhos sa mga lansangan hangga't hindi nagbibitiw si Estrada. Inilunsad ang mga welga sa pabrika at transportasyon, boykot sa mga eskwelahan, barikada sa mga komunidad, *walkout* sa mga upisina at malalaking

demonstrasyon para patalsikin si Estrada. Ang mga estudyante, guro, kawani at upisyal ng UP, UST, PUP, FEU, La Salle, Ateneo, Miriam, Poveda, St. Scholastica's College, St. Joseph's College, Mindanao State University, Immaculate Conception College ng Ozamis at St. Anthony's College ng Antique ay ilan lamang sa daan-daang mga paaralan sa buong bansa na lumahok sa mga pagkilos. Nagpabilang din ang mga upisyal at employado ng Department of Foreign Affairs, National Food Authority, National Economic Development Authority, Department of Labor and Employment at iba pang ahensya ng gubyerno.

Naghanda nang tumungo sa EDSA ang delegasyon ng mga magsasaka, manggagawa, kababaihan, kabataan at mga katutubo mula sa Gitna at Timog Luzon. Nagpursige silang tumuloy sa Maynila upang makipagsanib-lakas sa mahigit nang 275,000 nagpuprotesta, sa kabilang pagharang ng mga pulis sa mahigit 50 bus mula sa mga lunsod ng Olongapo, Naga at iba't ibang lugar sa Timog Katagalugan.

Patuloy na idinaos ng iba't ibang sektor, na ang bilang ay pinabulwak ng mga mag-aaral ng elementarya, hayskul at kolehiyo at mga estudyante ng medisina at abugasya, ang mga rali, *noise barrage* at *candlelight vigil* sa Ozamis; Roxas, Capiz; Cebu; Maasin, Southern Leyte at iba pang mga lunsod at bayan ng Visayas at Mindanao.

**ENERO 18.** Nag-alab ang galit ng mamamayan sa pagkapit-tuko ng kampo ni Estrada sa kapangyarihan sa kabilang walang tigil na paglapad ng hanay ng mga mamamayang nagpuprotesta. Nagpasya na rin ang ilang malalapit niyang kaibigang talikuran si Estrada.

Karamihan'y nakaitim bilang simbolo ng pagprotesta laban kay Estrada, mahigit 10,000 manggagawa, employado at upisyal ng mga kumpanya, kabilang yaong mga nasa Philippine Stock Exchange, ang nagsilabasan sa kanilang mga upisina sa lunsod ng Makati upang tumangan ng plakard at *streamer* at buuin ang *human chain* mula Makati hanggang EDSA Shrine.

Nagmartsa rin sa Session Road ng Baguio, naglunsad ng dasal-rali at nagsindi ng mga kandila ang mga kawani ng gubyerno sa Cordillera. Nag-*walkout* naman at nagrali sa harap ng mansyon ni Estrada sa Baguio ang mga mag-aaral ng abugasya ng Baguio Colleges Foundation. Lumahok rin sa mga kilos-protesta ang Diocese of



Dagupan-Lingayen at Erap Agco La! (Kilusang tama na, Erap!) ng Pangasinan, ang mamamayan ng Bulacan, ang may 500 myembro ng Bayombong-Quirino Diocese at mga taong simbahan ng Lucena.

Lumarga patungo sa Maynila ang may 500 magsasaka, manggagawa at maralitang-lunsod ng Estrada Resign Movement (ERM) ng lalawigan ng Quezon upang sumanib sa daan-daan libong nakaipon sa EDSA. Naglunsad ng *torch parade* at nagmartsa ang di bababa sa 10,000 magsasaka, kabataan at mga kawani at upisyal ng gubyerno sa mga lunsod ng Iriga at Naga bilang pagsuporta sa “People Power II”.

Sa Kabisayaan, ibayong nadagdagan ang bilang ng mga nagrali sa San Jose, Antique (2,500) at Roxas City (3,000).

Tuluy-tuloy ang mga rali sa Mindanao na sumisigaw ng “Erap, kanaog na!” at “Tangtagon na (si Erap)!”. Nagdaos ng mga kilos-protesta ang mamamayan ng Ozamis City, Pagadian City at mga bayan ng Tukuran at Dumalinao sa Zamboanga del Sur. Mahigit 1,000 mamamayan ang dumalo sa kilos-protesta sa Cotabato. Sa lunsod ng Marawi, may 2,000 myembro ng Bangsamoro Youth Movement ang nanawagan para sa pagbibitiw ni Estrada at sa pagtigil ng mga operasyong militar sa Lanao.

**ENERO 19.** Ayon sa Kilusang Mayo Uno, mahigit 450 kumpanya na may 70 hanggang 1,200 manggagawa bawat isa ang sumuporta sa pag-aalsa ng mga manggagawa. Idineklara naman ng Catholic Education Association of the Philippines, na may 1,173 myembro ng eskwelahan sa buong bansa, bilang “Pambansang Araw ng Protesta” ang ikatlong araw ng EDSA 2. Nag-walkout na rin ang mga kawani ng Commission on Human Rights matapos mabalitaan ang pag-atake ng mga mak-Estradang hakot at pagharang ng pulisia sa mga anti-Estrada, at nagsabing “walang karapatang-tao sa ilalim ng administrasyon ni Estrada.”

Ayon sa mga ulat, lumobo ang bilang ng mga estudyante, propesyunal, kawani ng gubyerno, taong simbahan, negsyante at politiko na nagmartsa sa iba’t ibang lunsod sa bansa: Baguio

(5,000), Dagupan (5,000), Cebu (20,000), Iloilo (12,000), Bacolod,

(100,000) at Davao (10,000).

Sa Pampanga, naglunsad ng *transport strike* na sinabayan ng *walkout* ng mga manggagawa at estudyante sa pangunguna ng Coalition for the Ouster of Erap o CORE.

Nagdaos din ng koordinadong mga aksyong masa sa Kalibo, Aklan at mga bayan ng Molave, Mahayag, Tambulig, Dumingag at Josefina sa Zamboanga del Sur.


Ikinamangha ng marami at isa ring tanda ng malawak na katangian ng prenteng anti-Estrada ang hindi pagkapos ng suplay ng pagkain at inumin para sa mga nagpuprotesta na karamiha’ y mula sa hanay ng mga batayang sektor at petiburgesya. Bukod sa tiniyak ito ng malalaking negsyanteng anti-Estrada, hindi malilimutan ang mga walang-pangalang nag-aruga sa mga nagrarali—yaong mga pana-panahong naghuhulog ng mga biskwit mula sa *flyover* ng Ortigas at iyong simpleng mamang magpapandesal na namigay ng libre at mainit na tinapay sa mga inumaga sa EDSA.

**MARTSA PA-MENDIOLA.** Pagsapit ng gabi ng Enero 19, umabot na sa 10 myembro ng gabinete at mga upisyal ng gubyerno, kabilang yaong mga nasa ulo ng pasistang makinarya ng rehimeng Estrada na sina Angelo Reyes, Orlando Mercado at Panfilo Lacson, ang bumaligtad.

Gayunpaman, iginiit ng mamamayan nagrarali ang paninindigang ituloy ang laban hanggang hindi nagbibitiw si Estrada. Umulan ng *confetti*. Tuluy-tuloy na isinigaw ng mamamayan ang “Erap resign now!”. Walang isang siko ang pagitan, okupado na ng daan-daang libo ang halos dalawang kilometrong kahabaan ng EDSA mula Shaw hanggang Santolan. Nangibabaw ang kapasyahang ituloy ang martsa sa Malakanyang kinabukasan upang pwersahin si Estradang bumaba sa poder.

Bandang alas-6 ng umaga ng Enero 20, sa kabilang tagubilin ng simbahang manatili sa EDSA, minartsa ng mahigit 80,000 mamamayan ang kahabaan ng 15-kilometrong ruta mula EDSA Shrine hanggang Mendiola. Di alintana ang pagod, sumuong sila papunta sa makasaysayang tulay upang pwersahin si Estradang magbitiw.

Kasabay ng alon ng mga lobo, *streamer* at bandila, at kahanay ang pulisia na sa huling minuto’y tumaya laban kay Estrada, mabilis na pinuno ng dagat ng mga nagprotesta ang panulukan ng Recto at Legarda na ►




# Patuloy na pasistang pananalakay sa Timog Katagalugan

**P**atuloy ang mga pagtatangkang durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan, taliwas sa pahayag ni Gloria Macapagal-Arroyo na itatakwil niya ang patakarang *total war* ni Estrada. Wala pang isinasagawang direktang kautusan si Macapagal-Arroyo upang wakasan ang kontra-rebolusyonaryong pakana na binalangkas ng gubyernong Estrada—ang Campaign Plan Balangai.

Nitong Enero 28, isang sibilyan ang namatay nang sumalakay ang pwersa ng Scout Rangers sa ilalim ng Task Force Banahaw sa Sityo Talipan, Barangay Magsaysay, Siniloan, Laguna. Apat na mandirigma ng BHB ang napatay sa naganap na labanan, na pawang sa likod ang tama, samantalang isa ang nasugatan. Apat pang sibilyan ang dinampot ng mga tropa noong araw ding iyon sa Barangay Kapatalan, Siniloan at pinaratangang mga mandirigma ng BHB.

Nilaloy ng Campaign Plan Balangai na pigilin ang patuloy at mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Sa ilalim nito ay ipinagpapatuloy at pinag-iibayo ang mga kampanya’t operasyon ng kaaway sa mga baryo at bayan ng Timog Katagalugan na itinuturing nitong



matatatag na base ng rebolusyon.

Alinsunod rito, patuloy ang pagsasagawa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) ng imbestigasyon ng mga prayoridad na barangay upang tukuyin ang mga baryong nagsisilbing sentro-de-grabidad ng mga larangang gerilya at wasakin ang baseng masa ng rebolusyon dito. Pinasisinsin din ang gawaing paniktik, pinalalakas ang paramilitar na CAFGU at pinaiigting ang mga operasyong sikolohikal. Sa kabilang pagkokonsestra ng umaabot sa 60% ng pwersa ng AFP at PNP sa kampanyang anti-Moro sa Mindanao, pinanatili ng rehimeng panagupang ang militar at pulisia sa mga pangunahing larangang gerilya sa rehiyon.

Layunin din ng militar at pulisia na pangalagaan ang interes ng malalaking dayuhang mamumuhunang may mga proyekto sa rehiyon at supilin ang nagangangalit na kilusang masa

laban sa mga kontra-mamamayang proyektong ito. Sa Mindoro, halimbawa, binabantayan ng 3<sup>rd</sup> Battalion ng Special Action Force ng PNP ang CREW Mineral Mining Corp. na may operasyon nakabase sa Victoria, Oriental Mindoro.

Binabantayan naman ng 23<sup>rd</sup> Special Forces Coy ng Philippine Army sa Palawan, ng PNP Regional Mobile Group sa Mindoro at ng 35<sup>th</sup> Special Forces Coy ng Philippine Army sa Batangas ang paglalatag ng

Malampaya Gas Pipe Line na tatagos mula hilagang Palawan, Mindoro at Iligan, Batangas.

Sa kasalukuyan, nakapakat sa rehiyon ang 201<sup>st</sup> Bde ng 2<sup>nd</sup> ID ng Philippine Army na nakabase sa Rizal Ilaya, Calauag, Quezon at sumasaklaw sa kalakhang bahagi ng Quezon, hangganang Quezon-Bicol at isla ng Marinduque. Nakapakat din ang Task Force Banahaw na sumasaklaw sa 4<sup>th</sup> Special Forces Battalion at 2<sup>nd</sup> ►

◀ kalahating kilometro lamang ang layo sa Malakanyang. Mapayapang idinaos ang rali na pinaalab ng mga madamdaming talumpati at pangkulturang pagtatanghal na

kinatampukan ng mga klasiko at makabagong awit at sayaw ng protesta. Maya-maya'y naging isang pagdiriwang ito, nang umabot sa mga nagpuprograma ang balitang tuluyan

nang tumakas mula sa Malakanyang si Estrada at ang kanyang pamilya gamit ang daan sa likod ng palasyo upang iwasan ang mga nagpuprotesta sa Mendiola. □

◀ Scout Ranger Battalion. Nakakonsentra ang pananalakay ng Task Force Banahaw sa buong Laguna, Rizal, Batangas, Cavite at bahagi ng Quezon. Mayroon ding isang kumpanya ng Philippine Air Force na sumasaklaw sa katinugang bahagi ng Palawan. Ang hilagang bahagi ng Palawan ay sinasaklawan naman ng 23<sup>rd</sup> Special Forces Coy na nagmula pa sa Cebu.

Samantala, mga pwersang panagupa ng Philippine National Police ang nakatutok sa mga islang prubinsya ng Timog Katagalugan. Ang 4<sup>th</sup> PNP Regional Mobile Group ang sumasaklaw sa Occidental Mindoro samantalang may isang batalyon ng PNP Special Action Force (SAF) na nakatutok sa Oriental Mindoro. May bago ring batalyon ng PNP SAF na nakatalaga sa Victoria, Oriental Mindoro.

Iba't ibang yunit paniktik ng militar tulad ng MIG-4, MIG-14, 79-MICO at MITU ang nakapakat din sa rehiyon at sumasanib sa iba't ibang panagupang yunit ng militar. Ang mga yunit na ito ang nagrerekulta ng mga dating mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) upang gawing impormer at elemento ng CAFGU at gamitin sa mga kontra-rebolusyonaryong operasyon at propaganda.

Sa rehiyon, sa kasalukuyan, may dalawang magkasabay na atake ang ginagawa ng kaaway sa sandatahang pwersang rebolusyonaryong kilusan—una, ang pananalakay sa mga armadong yunit ng BHB at pangalawa, ang malaganap na tangkang paghihiwalay ng BHB sa mamayan sa pamamagitan ng kontra-rebolusyonaryong aktibidad ng mga *special operations team* nito.

Gayunman, hindi na kayang magawa ng kaaway ang dating dalas, tindi, laki at lawak ng saklaw na kayang abutin tulad sa nakaraan. Ito'y dahil sa pangkalahatan, nabawasan nang malaki ang mga batalyon ng kaaway na nakapakat sa Timog Katagalugan simula nang ilunsad ng rehimeng US-Estrada ang gerang anti-Moro. Ang resulta nito ay ang lubhang pagkabanat ng tropang militar at pulisia.

Ang kakulangan ng tauhan para magkaroon ng absolutong superyoridad sa lahat ng panahon ay

binabawi ng kaaway sa mga kontragerilyang operasyon ng maliliit at pleksibleng yunit na may mataas na kasanayang pangkombat tulad ng Special Forces at Scout Rangers ng Philippine Army.

Nakakalat sila ngayon sa mga laking platan at iskwad. Itinutulak ang ganitong manipis na kalat ng pwersang militar ng kagustuhan saklawin ang malawak

na bahagi ng mga larangang gerilya at harapin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon sa maraming lugar para sagkaan ang mabilis na pagsulong dito ng rebolusyon.

Sa kabilang panibagong pag-atake ng kaaway sa rehiyon, patuloy na nasustine ang bwelo ng lahatang-panig na pagsulong ng kabuuang rebolusyonaryong gawain sa Timog Katagalugan

noong taong 2000 habang patuloy na nagkokonsolida.

Timog Katagalugan noong taong 2000 habang patuloy na nagkokonsolida. Hindi naging balakid ang matitinding pananalakay ng pasistang tropa ng rehimeng US-Estrada upang kamtin ang pasulong na tunguhin ng lahat ng mga mayor na linya ng gawain.

Sa larangan ng armadong pakikibaka, napadugo ang maraming bahagi ng katawan ng halimaw at madalas na binigwasan ang kanyang lumalaking ulo. Kahit bago pa ang Abril 2000 sa ilalim ng planong NMO (New Millennium Offensive) ng BHB sa Timog Katagalugan ay nakapaglunsad ng malalaking taktikal na opensibang nakatuon ang talas ng sibat sa mga pinakapusakal na yunit ng AFP at PNP. Halimbawa nito ang:

o Matatagumpay na operasyon, tulad ng ambus sa kauna-unahang pagkakataon sa yunit ng 9<sup>th</sup> Scout Ranger Coy ng Philippine Army sa Mabitac at reyd na walang putok sa Sta. Maria, parehong sa Laguna.

o Magkasabay na reyd sa detatsment ng nangongotong na yunit ng Provincial Mobile Group, Land Transportation Office at Department of Environment and Natural Resources sa Calauag; reyd na walang putok sa Maritime Police sa Burdeos; reyd sa isang detatsment ng 74<sup>th</sup> IB sa Mulanay; at isang ambus sa Unisan—pawang sa Quezon.

## MGA PAHAYAG

# Hinggil sa mga bihag ng digmang nasa pangangalaga ng BHB

**Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal,  
Tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Enero 24, 2001**

NGAYONG PINATALSIK NA ANG REHIMENG ESTRADA, dapat na ring ibasura ang militaristang patakaran at pagpapabaya nito kaugnay ng mga nadakip na tauhan at upisyal ng GRP na nasa pangangalaga ng Bagong Hukbong Bayan. Nasa kamay na ngayon ni Gloria Macapagal-Arroyo ang desisyon kung magbibigay ang GRP ng seryosong atensyon sa usapin ng pagpapalaya ng mga bihag ng digma.

Kung interesado si Macapagal-Arroyo sa pagpapalaya ng mga tauhan nilang sina PCI Abelardo Martin at Army Maj. Noel Buan, nakahanda ang rebolusyonaryong kilusan na makipag-usap sa mga emisaryo ng GRP, tanggapin at positibong aksyunan ang formal na kahilingan nito para sa pagpapalaya ng mga bihag.

Sa nakaraan, ipinamalas ng rebolusyonaryong kilusan ang kahandaan nitong palayain ang mga bihag

ng digma sa pamamagitan ng negosasyon nang palayain nito sina PCI Rene Francisco, Army Sgt. Joaquin Melad at SPO3 Martillano Magtagad noong 1997 at si Brig. Gen. Victor Obillo at Capt. Eduardo Montealto noong 1999.

Bilang katugunan sa kahilingan ng Humanitarian and Peace Mission, inilabas ng pamunuan ng NDFP noong Pebrero 11, 2000 ang "Utos sa Pagpapalaya kay Police Chief Inspector Abelardo Martin".

Taliwas sa makataong alok na ito ang ipinakita ng gubyernong Estrada. Sa halip na iutos ang tigl-putukan upang bigyang-daan ang pagpapalaya sa mga bihag, iniutos ni Gen. Angelo Reyes at Estrada ang pagtatambak ng 15 batalyon ng AFP sa Timog Katagalugan upang ilunsad ang mapangwasak na "military rescue operation". Hindi ito napagtakpan kahit dalawang ulit pa itong nagdeklara ng huwad na suspension of offensive military operations noong nakaraang taon.

Gayundin, taliwas sa mahusay na pangangalaga ng BHB sa mga bihag at pagkilala sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng internasyunal na makataong batas, ipinatutupad ng AFP ang patakaran ng pagtortyur at pagpatay sa mga bihag katulad ng kaso ni Armando "Ka Sixto" Cerna sa Mindoro noong Enero 2000 at ni Godofredo "Ka Paking" Guimbaolibot sa Compostela Valley noong Agosto 1999.

Upang mapalaya ang mga bihag ng digma, ►

- o Ambus sa tatlong sasakyang ng Special Action Force-PNP sa Victoria, Oriental Mindoro.
- o Ambus sa Sta. Cruz, Occidental Mindoro. Kabilang dito ang dalawang malalaking pamamarusa sa mga lumalabag at di tumutupad sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan sa pagbubuwis sa kaaway sa uri.

Samantala, nagpapatuloy ang maliliit na operasyon na nakapagpapalitaw ng armas at namamarusa sa mga impormer at masasamang elemento. Sa 10

malalaking operasyon ay naka-kumpiska ng higit sa 40 malalakas na armas at higit sa 20 pistola, mga bala at iba pang kagamitan; napatay ang isang laking seksyon ng kaaway; higit na malaki ang dami ng mga kaaway na tropang sumuko sa mga labanang ito; at nawasak ang mahahalagang kagamitan sa transportasyon at komunikasyon ng kaaway.

Ang papadalas at matitinding operasyon ay naglalarawan ng inabot na lapad at lalim ng suportang ibinibigay ng baseng masa, tulad ng aktibong

pagpapaabot ng impormasyon hinggil sa pakat at kilos ng kaaway sa mga sona at larangang gerilya.

SA GABAY ng sentral na tungkulin ng Partido sa rehiyon na "magpaigting ng pakikidigmang gerilya at mga pakikibakang masa habang nagpapalakas at nagpapalawak at magpalakas kasabay ng pagpaigting ng pakikidigmang gerilya at mga pakikibakang masa!", tiyak na magpapatuloy ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan at mabibigo ang Campaign Plan Balangai. AB

◀ kinakailangang iwaksi ni Macapagal-Arroyo ang militaristang kaisipan ni Estrada at Gen. Angelo Reyes. Kailangan niyang unawain na mabibigo ang anumang “military rescue operation” katulad ng pagkabigo ni Estrada at General Reyes; at na mapapalaya lamang ang mga bihag ng digma sa pamamagitan ng negosasyon alinsunod sa mga internasyunal na makataong batas at alituntunin sa digmaan; at sa mga prinsipyong at mga panuntunang pinagkaisahan ng NDFP at GRP nang isinakatuparan ang pagpapalaya sa mga bihag ng digma ng BHB mula noong 1997.

Si Buan ay nasasakdal sa hukumang bayan para sa kaso ng pang-eespiya at mga war crime. Nahaharap din si Martin sa mga reklamong isinampa ng masa sa Dolores, Quezon, kung saan siya noo'y tumayong hepe ng PNP. Formal nang nasimulan noong nakaraang taon ang proseso ng imbestigasyon, pagsasampa ng kaso at paglilitis.

Gayunpaman, nasa kapasyahan ng mga rebolusyonaryong organo ng demokratikong gubyernong bayan kung ipagpapatuloy o isusupinde ang prosesong ito upang bigyang-daan ang negosasyon at pagpapalaya ng mga bihag sa batayang makatao. Maaari rin itong bigyang kunsiderasyon sa layuning pampolitika tulad ng pagsisilbing isang confidence building measure para sa negosasyong pangkapayapaan. Magsisilbi rin sa ganitong layunin kung palalayain ni Macapagal-Arroyo ang mga bilanggong pulitikal.

Sa ano't anupaman, kung walang matanggap na formal na kahilingan ang BHB mula sa GRP para sa pagpapalaya kina Martin at Buan, nakahanda ang BHB na walang-taning silang pangalagaan bilang mga bihag ng digma na may garantiya ng maluwag at makataong pagtrato at pagrespeto sa kanilang mga karapatan alinsunod sa mga internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa digmaan. **AB**

## Hinggil sa pambobomba sa Metro Manila

**Pahayag ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas**  
**Disyembre 31, 2000**

ISANG PAKANANG MAKADEMONYO ANG SUNUD-SUNOD NA pambobomba sa limang publikong lugar sa Metro Manila noong ika-30 ng Disyembre 2000.

Buong higpit itong kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at rebolusyonaryong kilusan.

Buong higpit ding kinukundena namin ang garapal na pagtatangka ng Malakanyang na sisihin ang rebolusyonaryong kilusan kahit walang anumang imbestigasyon at kahit ang mga pangyayari at sirkunstansya ay nagpapahiwatig ng ganap na kabaligtaran.

Walang kinalaman sa kahayupang ito ang rebolusyonaryong kilusan o anumang bahagi nito. Ipinapangako namin sa mga pamilya ng mga biktima at sa taumbayan na gagawin ng rebolusyonaryong kilusan ang lahat ng abot ng makakaya para tukuyin at lubos na papanagutin ang utak at mga salarin sa karumal-dumal na krimeng ito.

Sa katunayan, ang Malakanyang, si Joseph Estrada mismo at mga kampon niyang sangkot sa mga kalupitang gaya ng sa Kuratong Baleleng, ang mga numero unong suspek na may pinakamalaking motibo, kakayaan, oportunidad at sikmura na gawin ang krimeng gaya nito.

Ang disenyo ng terorismong ito ay hindi lamang para pumatay, bumalda, manugat at manindak-kundi pumatay, bumalda, manugat at manindak nang malawakan at ubos-todo. Hangad nito hindi lamang ang kumuha ng pansiñ at ispasyo sa mga dyaryo-kundi ganap na baguhin ang laman ng mga dyaryo. Hangad nitong ganap na tabunan ang nakasusulasok na mga iskandalong nabunyag sa nakaraang tatlong buwan at ilusot mula sa sukol na sukol na kalagayan ang kinamumuhian at naghihingalang reaksyunaryo at papet na paghahari ni Estrada at mga kroni niya.

Ang eksplosibong ginamit ay malamang na C4 o plastic na tanging AFP at PNP ang may hawak-bukod

sa inilusot ng RAM noong 1989. Sabay-sabay na inatake ang mga target, kabilang ang dalawa o tatlong mahigpit na gwardyado sa panahong nasa deklaradong maximum alert ang PNP. Ang kumplikasyon ng kabuuang operasyon ay nagtuturo sa isang pwersang may malaking organisasyon, mataas na antas ng kasanayang militar, mataas na uri ng mga kasangkapan sa koordinasyon at komunikasyon, at malapit na kaalaman sa sistema ng seguridad sa mga partikular na target at sa kabuuan ng Metro Manila.

Ang pambobomba sa katupusan ng Disyembre, pagkatapos ng tangkang pagdukot at pagliligpit kay Luis "Chavit" Singson noong Oktubre, ang pagdukot at pagpapatahimik kay Bubby Dacer noong Nobyembre, ang malawakang wiretapping sa mga senador, oposisyunista at mga elementong anti-Estrada na nabunyag noong kalagitnaan ng Disyembre, ang mga pagbabanta at pagmamanman sa mga testigo laban kay Estrada-lahat ng ito ay nagpapakita ng malinaw na padron ng tunitinding desperasyon ng kriminal na kaisipang mula sa walang pangingiming pangungurakot ay tumutungo sa aroganteng paglalaro sa karapatan at buhay ng mga kalaban sa pulitika at karoniwang mamamayan.

Dapat tukuyin agad at lubos na papanagutin sa katarungan ang utak at mga tunay na salarin at tulungan ang mga biktima. Kaalinsabay, dapat tiyaking mabibigo ang imbing layunin ng pambobomba. Huwag magpasindak sa pananakot. Huwag magpalansi sa madugong intriga.

Huwag hayaang madiskaril ng terorismo ang kilusang protesta. Matatag na isulong ang pakikibaka para patalsikin ang halimaw sa Malakanyang bago matapos ang unang kwarto ng taong 2001.

Gaya ng paulit-ulit na nilinaw ng Partido Komunista sa nakaraan, ang pakikibaka para patalsikin si Estrada ay nakasalalay at nakatuon, higit sa anupaman, sa ligal na kilusang protesta sa kalunsuran. Lalong totoo ito ngayon sa kabilang mga pambobomba sa Metro Manila.

Dapat matatag na magpursige sa ligal na pakikibaka para patalsikin si Estrada. Alinsunod rito, muling ipinapahayag ng Partido Komunista ang pasya nito na sadyang pigilan ang mga aksyong militar sa Metro Manila para tiyakin ang pinakamaluwag na kundisyon para sa pagsulong ng ligal na kilusang protesta at hindi bigyan ang kinamumuhiang naghaharing rehimeng Estrada ng pagkakataong gamitin ang mga operasyong partisano ng Bagong Hukbong Bayan sa Metro Manila para supilin at guluhin ang kilusang protesta.

Gayunman, sa harap ng malinaw na padron ng tunitinding pasistang terorismo at banta ng panunupil sa di armadong kilusang masa, lalong pag-iibayuhin ng Bagong Hukbong Bayan ang mga taktikal na opensiba sa kanayunan. Kailangan ding palawakin at palakasin ang kilusang lihim sa kalunsuran. Ang mga ito ang magtitiyak na kahit tuluyang masiraan ng bait at maghuramentado ang halimaw sa Malakanyang-patuloy na makapagpupunyagi at susulong ang pakikibakang bayan. **AB**



## MGA BALITA NG PAKIKIBAKA

### PULIS SA COMPOSTELA VALLEY, DINISARMAHAN

Isang pulis ang dinisarmahan ng mga mandirigma ng BHB sa Barangay Langgam, Maco, Compostela Valley bandang gabi nitong Enero 30.

Sinamantala ng mga Pulang mandirigma ang pagkakataong nagpapahinga si SPO4 Ernesto Cudal sa kanyang bahay. Nagulat ito nang bungaran ng BHB at walang nagawa kundi isuko ang kanyang .45 at *cellphone*. Sakay sa kanyang sariling dyip, nakapagpahatid pa ang mga mandirigma kay Cudal hanggang haywey.

### DETATSMEN NG CAFGU SA SARANGANI, SINALAKAY

Limang M14, apat na ripleng Garand at mga kagamitang pangkomunikasyon ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma nang kanilang salakayin ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Kenam, Malapatan, Sarangani nitong Enero 29. Sa tulong ng isang kaalyadong CAFGU, matagumpay na naisagawa ng BHB ang reyd sa detatsment na binabantayan ng iisang sundalo ng AFP at dalawang elemento ng CAFGU.

### MGA TAKTIKAL NA OPENSIBA, TULUY-TULOY SA KABIKULAN

Labintatlong iba't ibang kalibreng armas ang nasamsam at siyam na elemento ng kaaway ang napatay sa anim na magkakahiwalay na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Kabikulan ngayong Enero at mga huling araw ng nakaraang buwan, ayon sa ulat koresponsal ng Romulo Jalores Command ng Bikol.

Nitong Enero 29, isang pulis ►

## REHIMENG MACAPAGAL-ARROYO, HINAMON; PAKIKIPAG-USAP SA RPMP-RPA-ABB, KINUNDENA SA NEGROS

Hinamon ni Jessie Lipura, dating konsultant sa usapang pangkapayapaan, ang rehimeng Macapagal-Arroyo na magpatupad ng programang makatao at kinundena ang plano nitong itaguyod ang pag-uusap sa Rebolusyonaryong Partido ng Manggagawa-Pilipinas-Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPMP-RPA-ABB).

Si Lipura, na nadakip nitong Enero 6 sa Barangay Taloc, Bago City, Negros Occidental at nakalaya pansamantala nitong Enero 30 sa bisa ng pyansa, ay nakapanayam ng midya paglabas niya sa kulungan.

Ayon kay Lipura, inaantabayan ng taumbayan ang paghahapag ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa ipinagmamalaki nitong *people's agenda* na kinabibilangan ng pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP at ang pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal.

Sinabi ni Lipura na dapat nang abandumahin ng pamahalaang Arroyo ang programang Oplan

Makabayang dating rehimeng US-Estrada, at hugutin na ang mga tropang militar sa Mindanao at iba pang bahagi ng Pilipinas upang wakasan ang todo-gera at ang matinding militarisasyon sa kanayunan. Ang pagpapadala ng mga tropang militar sa kanayunan, aniya, ay hindi solusyon sa mga fundamental na problema ng lipunan, kundi nagbubunsod pa ng patuloy na pananalanta sa mamamayan. "Ang militar ang siyang lumalabag sa mga karapatang-tao ng mamamayan," ani Lipura.

Mariin din niyang kinundena ang pinaplanong pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at kontra-rebolusyonaryong RPMP-RPA-ABB. Aniya: "Ang tanging mabebenepisyuhan sa usapang ito ay ang dating Ambasador na si Eduardo Cojuangco Jr." Dagdag pa niya, "Ang RPMP-RPA-ABB ay hindi nagtatanggol sa interes ng masa at sa halip, ang maliit na grupong ito ay gwardya at bayaran ni Cojuangco." **AB**

► ang napatay, samantalang isa pa ang malubhang nasugatan nang tambangan sila ng mga mandirigma ng BHB sa Barangay Mercedes, Pilar, Sorsogon.

Pinarusahan nitong Enero 10 ng isang tim ng BHB si Roberto San Agustin, elemento ng CAFGU sa ilalim ng pusakal na 42<sup>nd</sup> IB sa Barangay Beguito Biejo, Libmanan, Camarines Sur. Bukod sa pangunahing tagakolekta ng tong, nagrerekluta rin ng mga impormer si San Agustin at direktang gumigiya sa mga operasyong militar laban sa BHB. Nasamsaman siya ng isang .38 na paltik.

Dagdag pa ng ulat koresponsal, sinunog ng isang tim ng BHB ang isang bus ng Superlines nitong Enero 4 sa Sinuknipan, Del Gallego, Camarines Sur dahil sa patuloy na pagtanggi ng kumpanya na magbayad ng rebolusyonaryong buwis.

Dalawang sundalo ng "A" Coy, 22<sup>nd</sup> IB ang inisparo at napatay ng isang tim ng BHB sa Barangay Banquerohan, Legazpi City noong Disyembre 31, 2000. Namatay kaagad sina Sgt. Alfredo Paitan at isang Pfc. Alex Vivar at nakumpiska sa kanila ang isang .45 at isang .38.

Ayon din sa Romulo Jalores Command, magkakasabay na nireynd ng mga kasapi ng BHB ang tatlong bahay ng PNP at isang despotikong panginoong maylupa sa Camarines Norte noong Disyembre 28, 2000.

Ginawaran ng BHB ng kamatayan ang despotiko at kriminal na panginoong maylupa na si Francisco "Ike" Villafuerte, kamag-anak ni Gob. Luis Villafuerte ng Camarines Sur. Si Villafuerte ay pusakal na mangangamkam ng lupang kinukultiba ng 48 pamilya at utak sa paninira at panununog ng ari-arian,

pambubugbog, pagpapakulong at pagpatay sa mga magsasaka. Ahente din siya ng Military Intelligence Group at direktang nakikipag-ugnayan sa pamunuan ng dibisyong sumasaklaw sa Kabikulan. Nakumpiska sa kanya ang tatlong .45, dalawang granada at iba pang gamit-militar.

Ikalawang target si SPO4 Anatolio "Hudas" Villablanco, elemento ng Jose Panganiban Police, sagad-sagaran at napatunayang malaki ang kasalanan sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. Ginawaran siya ng parusang kamatayan noong umaga ding iyon sa Sta. Elena, Jose Panganiban, Camarines Norte. Nakumpiska sa kanya ang isang M16 at isang .38.

Isang M16, isang .38, mga bala at iba pang gamit-militar ang nasamsam sa kanya ang isang M16 at isang .38.



## MGA BALITA NG PAKIKIBAKA

na bahay ng mga pulis sa parehong lugar.

Samantala, pinarusahan ng

BHB-Masbate noong Disyembre 25, 2000 ang pusakal na si SPO3 Edwin Espiloy at ang kanyang kapatid na si SPO1 Efrahem Espiloy, mga elemento ng Montreal Police sa Masbate, sa kanilang bahay sa Barangay Real, Montreal. Nakuha sa magkapatid ang isang M14, isang 9 mm at isang .38.

Pinarusahan din ng tatlo-kataong tim ng BHB ang traydor at abusadong si Edwin Nacional, presidente ng Balikloob Foundation Inc. noong Disyembre 22, 2000 sa Marquez Street, Barangay 14, Legazpi City. Ang Balikloob Foundation ay instrumento ng reaksyunaryong rehimeng pagpuproyekto ng pagsuko ng mga mandirigma at cadre ng BHB at sa paghikayat sa mga itong maging ahente sa paniktik ng berdugong sandatahan.

### ISANG SUNDALO NG 21<sup>ST</sup> IB, PATAY SA ENGWENTRO

Isang korporal ng 21<sup>st</sup> IB ang napatay at limang iba pa ang nasugatan nang makasagupa ang isang tim ng BHB sa Barangay Salecsec, Balbalan, Kalinga nitong ika-22 ng Enero. Nagsasagawa ng operasyong militar ang mga tropa ng kaaway nang ang mga ito ay paulanan ng bala ng mga Pulang mandirigma.

### SERYE NG PROTESTA, INILUNSAD SA PAYATAS

Nitong Enero 29, dumagsa sa munisipyo ng Quezon City Hall ang Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) at July 10 Payatas Victims' Organization (J10PVO)

upang tutulan ang muling pagpayag ng gubierno ng Quezon City, sa pangunguna ng alkalde nitong si Ismael Mathay Jr., na muling tambakan ng basura ang Payatas, Quezon City kahit walang maialok na relokasyon sa puong-libong pamilyang naninirahan at naghahanapbhay dito. Ang piket na ito ay bahagi ng seryeng mga pagkilos na inilunsad noong Enero 15 ng KADAMAY at J10PVO upang tutulan ang napaka-peligrosong pagtatambak ng basura sa Payatas, kung saan daan-daan ang nasawi nang guhuan ng basura noong Hulyo 2000 at muli, nitong Enero 26.

### PAGMASAKER SA TARLAC-14, KINUNDENA

Kinundena ni Kasamang Serafin Magdiwang, tagapagsalita ng BHB-Tarlac, ang makahayop na pagmasaker ng mga berdugong AFP at PNP sa 14 na Pulang mandirigma at upisyal ng rebolusyonaryong kilusan noong Enero 15 sa Barangay San Vicente, may ilang kilometro lamang ang layo sa Tarlac City. Sa isang pahayag, sinabi ni Magdiwang na karamihan sa mga biktima ay may tama ng bala sa ulo.

### RHB, MAMAMASLANG NG MGA INOSENTE

Tahasang kinundena ni Jose Agtalon, tagapagsalita ng Josepino Corpuz Command ng BHB ang walang-kaabug-abog na pagpaslang ng mga elemento ng Rebolusyonaryong Hukbong Bayan sa mga sibilyan na sina Eric "Ricky" Canlas, Jesse Bagtas at Noel dela Cruz. Si Canlas ay boluntir ng DSWD at upisyal ng Pampanga Radio Communication sa Barangay San Antonio, Mexico, Pampanga. Pinaslang siya ng mga RHB bago matapos ang taong 2000 sa paghinalang tagasuporta siya ng

BHB. Sina Bagtas at dela Cruz naman ay pinatay ng RHB noong Disyembre 18. Sila'y pawang mga ordinaryong manlalako ng isda sa nasabing lugar.

### DEPENSIBA SA BATANGAS, NAGAWANG OPENSIBA NG BHB

Nagawang opensiba ng BHB ang depensibang sitwasyon nang makapanlaban sa tangka ng mga elemento ng Philippine Marines na kubkubin ang isang pangkat ng mga mandirigma sa Sityo Nangkaan, Barangay Mataas na Pulo, Nasugbu, Batangas nitong Enero 7.

Napatay ng mga Pulang mandirigma ang dalawang kawal ng Marines samantalang isa pang sundalo at isang pulis ang nasugatan sa 30-minutong sagupaan. Nasamsam ang isang M14 mula sa mga nasawing sundalo. Upang pagtakpan ang sinapit na kahihyan, ang pangyayari ay tinawag ng Marines na "engkwentro" sa halip na nabigong kubkub laban sa BHB.

### ASYENDA SA SAN NARCISO, QUEZON, SINALAKAY

Sinunog ng mga mandirigma ng BHB noong Disyembre 30 ang mga kagamitan at sasakyang pag-aari ni Domingo Reyes, isang panginoong maylupa na patuloy na tumatangging magbayad ng rebolusyonaryong buwis at nangangamkam ng lupa sa mga magasaka. Si Reyes din ang nagmamay-ari ng Ocean Palace Mall sa Lucena City at Viva Shipping Lines na regular na bumibyaheng Marinduque-Lucena.

Kabilang sa mga gamit niyang sinunog ang pitong sasakyang (apat na *dump truck*, isang trak ng bumbero, isang traktora at isang *backhoe*) at ilan pang makinarya sa asyenda.